



Western Sydney International (Nancy-Bird Walton) Airport

Disenyo ng flight path para sa pagpapatakbo ng isahang runway

Mensahe ng Ministro



Ang pagbubukas ng Western Sydney International (Nancy-Bird Walton) Airport ay isang nakakagalak na oportunidad para sa Western Sydney.

Dinisenyo bilang isang napaka-moderno, walang curfew na airport na tutugon sa mga pangangailangan ng Western Sydney at Australya sa darating pang mga dekada, ang Airport ay

nagbunsod sa pamumuhunan sa imprastruktura, gawaing pang-ekonomiya at pagdami ng trabaho para sa mga komunidad sa Western Sydney.

Ang bagong airport sa Western Sydney ay naghahatid na ng mga benepisyo sa komunidad ng Western Sydney. Sa ngayon, halos kalahati ng mga nalikhang trabaho sa panahon ng konstruksyon ay nakuha ng mga taga-Western Sydney, at mahigit \$100 milyon ang nakontrata ng WSA Co Limited sa mga negosyo sa Western Sydney, kabilang ang mga negosyong maliliit at katamtaman ang laki, pati na rin ang mga negosyo ng pamilya at First Nations.

Sa kasalukuyan, ang Pamahalaang Australya ay kumikilos upang magdisenyo ng mga flight path (daanan ng eroplano) para sa Western Sydney International Airport. Masalimuot ang pagdisenyo ng mga flight path para sa alinmang airport, labis na teknikal at kailangan ng maingat at puspasang proseso upang matiyak na nababalanse ang makompetensyang mga pangangailangan ng komunidad, industriya at kasalukuyang mga tagagamit ng airspace (himpapawid), habang ang kaligtasan ay pinapanatiling prayoridad.

Lalo itong totoo pagdating sa masalimuot na rehiyong tulad ng Sydney Basin na mayroon nang Sydney (Kingsford Smith) Airport, RAAF Richmond at iba pang abalang-abalang mga airport.

Ako ay nangangakong titiyakin ang lubos na pagkonsulta sa komunidad tungkol sa mga epekto ng mga flight path at maingat na pag-aaralan ang mga opinyon bilang bahagi ng draft Environmental Impact Statement (EIS) (Pahayag tungkol sa Pangkapaligirang Epekto) na naka-iskedyul ilabas sa kalagitnaan ng 2023. Dagdag pa sa paglalarawan ng pangunang mga flight path, tutulong ang EIS sa komunidad na maunawaan ang hinuhulaang mga pangkapaligirang epekto mula sa mga flight path, kabilang ang ingay ng eroplano at mga posibleng epekto sa kalidad ng hangin, mga greenhouse gas at wildlife (maiilap na hayop). Aanyayahan ang komunidad na magbigay ng komento tungkol sa mga flight path sa panahon ng eksibisyong pampubliko, na naka-iskedyul simulan sa kalagitnaan ng 2023.

Ang polyetong ito ay naglalayong bigyan ka ng impormasyon kung paano kami nakarating sa yugtong ito, ang mangyayaring proseso mula rito, ang mga ginamit na prinsipyo sa pagbuo ng pangunang mga flight path at paano ka maaaring makilahok sa proseso ng konsultasyon. Kapag nasimulan na ang pagkonsulta sa komunidad, aanyayahan kitang magbigay ng iyong opinyon. Mahalaga ang iyong komento (feedback) sa pagtiyak na maghahatid kami ng pinakamagaling na kalalabasan para sa mga komunidad sa buong Western Sydney.

Ang Kagalang-galang na Catherine King MP

Ministro para sa Imprastruktura, Transportasyon,
Kaunlarang Panrehiyon at Lokal na Pamahalaan

Ano na ang nangyayari ngayon?

Ang Pamahalaang Australya ay responsable para sa pagbuo ng mga flight path para sa mga pagpapatakbo ng isahang runway sa Western Sydney International (Nancy-Bird Walton) Airport (WSI) bago dumating ang katapusan ng 2026.

Sa kasalukuyan, kami ay nasa yugto ng pangunang disenyo at pangkapaligirang pagtasa para sa pagpapatakbo ng isahang runway, at naka-iskedyul maglabas ng draft EIS tungkol sa mga flight path ng WSI sa kalagitnaan ng 2023. Hihiling kami ng komento mula sa komunidad sa panahon ng eksibisyong pampubliko upang gabayan ang panghuling disenyo ng flight path.



Ang Pamahalaang Australya ay nangangakong makikipagkonsulta sa komunidad tungkol sa mga WSI flight path. Ang polyetong ito ay nagbibigay ng pangkalahatang pagtunghay sa proseso ng pagdisenyo at naglalarawan kung paano ka makalahok sa proseso ng konsultasyon kapag inilabas na ang pangunang mga flight path para sa pangkapaligirang pagtasa.

Mangyaring tingnan ang www.westernsydneyairport.gov.au o mag-scan ng QR code na ito para sa karagdagang impormasyon.

Maaari mo ring kontakin ang pangkat ng proyekto sa WSIflightpaths@infrastructure.gov.au o sa 1800 038 160.



Pagbuo ng mga flight path para sa Western Sydney International (Nancy-Bird Walton) Airport

Sino ang bumubuo ng mga flight path?

Ang mga flight path para sa Airport ay dinidisenyo ng isang pangkat ng mga dalubhasa, ginagabayan ng 12 Airspace Design Principles mula sa Western Sydney Airport Plan. Ang mga prinsipyo ay pinagbatayan ng, at sumalamin sa, mga komento ng komunidad at industriya tungkol sa WSI Stage 1 Development EIS mula noong 2015-16. Hinihingi ng mga prinsipyo na lubusin ang kaligtasan, kakayahan at kapasidad, habang binabawasan ang mga epekto sa komunidad at sa kapaligiran. Para sa kabuuang buod ng mga prinsipyo ng disenyo, mangyaring tingnan ang pahina 4.

Isang Expert Steering Group (ESG) ang mangangasiwa sa proseso ng disenyong teknikal at ito ay pinamumunuan ng Kagawaran ng Imprastruktura, Transportasyon, Kaunlarang Panrehiyon, Komunikasyon at Sining. Kabilang dito ang Airservices Australia, ang Civil Aviation Safety Authority (CASA), ang Department of Defence at WSA, ang tagapamahala ng Airport. Ang tagapamahala ng Sydney (Kingsford Smith) Airport at ang Tagapangulo ng Forum tungkol sa Western Sydney Airport (FOWSA) ay dumadalo rin sa mga pagpupulong ng ESG.



Larawan 1 & 2 Pabalat ng kasalukuyang Airport Plan (kaliwa) at litrato ng workshop tungkol sa disenyo ng mga WSI flight path (kanan)


Ano ang proseso at iskedyul?

Ang pagdisenyo ng flight path sa Australya ay karaniwang sinisimulan sa pagbuo ng mga disenyong proof-of-concept (pruweba ng konsepto). Ang unang hakbang na ito ay nakumpleto bilang bahagi ng WSI Stage 1 Development EIS at Airport Plan noong 2016 upang ipakita na ang bagong airport sa Badgerys Creek ay maaaring ligtas na patakbuin kasabay ng lahat ng iba pang mga pagkilos sa airspace sa Greater Sydney. Mula noon, nagsimula na kaming magplano para sa mga opsyon ng disenyo ng flight path at nakagawa ng mahalagang mga pagbabago sa paraan ng pagdisenyo bilang resulta ng mga komentong natanggap noong 2015-16, kabilang ang:

- pagbawas sa ingay sa mga residensyal na pook
- pagbawas sa mga epekto ng mga pagpapatakbo sa himpapawid sa mga likas at nakikitang sensitibong mga lugar
- pag-iwas sa pagkakatipon-tipon ng mga eroplano sa iisang lugar ng salubungan sa itaas ng isang residensyal na pook.

Ang mga flight path ay bubuun sa loob ng ilang yugto – kami ngayon ay nasa Phase 2: Pangunang Disenyo at Pangkapaligirang Pagtasa. Tingnan ang sumusunod na mga pahina para sa karagdagang impormasyon kung ano ang napapaloob sa bawat yugto.

Buod ng proseso sa pagdisenyo ng flight path



Mga prinsipyo sa pagdisenyo ng airspace

Bilang tugon sa mga komentong natanggap sa panahon ng eksibisyong pampubliko ng draft EIS para sa kabuuang WSI Stage 1 Development noong 2015, ang Western Sydney Airport Plan ay naglalarawan ng 12 Airspace Design Principles na kailangang sundin sa proseso ng pagdisenyo:



Ang kaligtasan ay hindi matatawaran.



Ang parating na mga eroplano ay hindi magtitipun-tipon sa isang lugar ng salubungan sa itaas ng alinmang residensyal na pook.



Ang pagdaan sa itaas ng mga residensyal na pook at mga pasilidad na sensitibo sa ingay ay lubusang iiwasan hangga't maaari.



Isasaalang-alang ng disenyo ng airspace ang mga epekto ng pagpapatakbo sa himpapawid sa mga likas at nakikitang sensitibong mga lugar.



Kung hindi maiiwasan ng mga flight path ang mga residensyal na pook:

- Hangga't maaari, ang mga pook na ito ay hindi dapat daanan sa itaas ng parating at paalis na eroplano.
- Ang mga pamamaraan sa pagbabawas ng ingay ay dapat lubusin upang matiyak na kaunti lamang ang magiging epekto sa mga residente hangga't maaari.



Kukunsultahin ang komunidad, mga opereytor ng aerodrome at tagagamit ng airspace sa pagpasya ng panghuling mga flight path.



Iiwasan ang mga pagbabago sa kasalukuyang mga kaayusan sa pagsasalo ng ingay sa Sydney (Kingsford Smith) Airport.



Bubuo ng mga pamamaraan upang mabawasan ang epekto ng pagpapatakbo ng mga eroplano sa gabi sa mga komunidad habang hindi lubhang hinihigpitan ang pagpapalakad ng airport.



Ang kasalukuyang mga paghihigpit sa airspace, gaya ng kaugnay sa pang-militar na mga lugar, ay rerepasuhin upang mapabuti ang kakayahan at mga epektong pangkapaligiran.



Bubuo ng mga hakbang sa pagbabawas ng ingay.



Hangga't maaari, ang parating na mga eroplano ay gagamit ng tuluy-tuloy na paraan sa paglapag upang mabawasan ang ingay at mga greenhouse emission.



Pagtiyak na ang pagplano sa paggamit ng lupain ay magpapatuloy na hadlangan ang pag-unlad na sensitibo sa ingay sa mga pook na may pinakamalaking pagkalantad sa ingay.

Paano dinidisenyo ang mga flight path?

Ang pagdisenyo ng mga flight path ay kinapapalooban ng napaka-teknikal na trabaho at nangangailangan ng maingat at puspusang proseso upang gawin ito nang tama. Dapat balansehin ng disenyo ang makompetensyang mga pangangailangan ng komunidad, kapaligiran, industriya at mga tagagamit ng himpapawid sa Greater Sydney, habang ang kaligtasan ay pinapanatiling prayoridad.


Bawat flight path ay dinisenyo ayon sa 12 Airspace Design Principles, pandaigdig na mga tuntunin at iba pang mga salik (kabilang ang nakalista sa mga dot point sa ibaba). Pagkatapos, ang mga flight path ay tatasahin sa mga flight at air traffic control simulator, at sasailalim sa proseso ng tuloy-tuloy na pagrepaso habang binubuo o binabago ang iba pang mga flight path.



Larawan 3 & 4 Sinusubukan ng pangkat ng disenyo ang bawat flight path sa flight simulator (kaliwa) at air traffic control simulator (kanan)

Sa pagbuo ng pangunang mga flight path, ang pangkat ng disenyo at ESG ay ginagabayan ng hanay ng mga bagay na tutukoy sa teknikal na maaaring gawin para sa disenyo. Kabilang dito ang:

- **Nakapirmi ang pagkahanay ng runway:** walang gagawing mga pagbabago sa pagkahanay ng runway sa north-east/south-west, na naaprubahan sa 2016 EIS at kasalukuyang itinatayo ng WSA.
- **Nakapirmi ang path sa panghuling paglapag at pangunang pag-alis:** dahil sa nakapirming pagkahanay ng runway at ang kahingiang lumapag at umalis sa Airport ang eroplano sa isang halos diretsong direksyon, may ilang mga pook/suburbiya na direktang nakakonekta sa mga dulo ng runway ang maaapektuhan ng pagpapatakbo ng mga eroplano.
- **May paghihigpit sa taas ng eroplano:** ang taas na maaaring liparin ng eroplano ay pinagpapasyahan ng ilang mga salik, kabilang ang uri ng eroplano, lagay ng panahon, mga kahingian sa kaligtasan at internasyonal na mga tuntunin para sa mga eroplano.
- **Ang pagkakaroon ng kasalukuyang mga airport sa Greater Sydney:** hindi maaaring magsagawa ng malalaking mga pagbabago sa mga flight path para sa Sydney (Kingsford Smith) Airport at kailangan ng mga pagsasaalang-alang para sa pagpapatakbo ng ibang airport, gaya ng Camden, Bankstown, Richmond and Holsworthy. Tingnan ang Larawan 5 para sa halimbawa ng kasalukuyang mga flight path paalis sa Sydney (Kingsford Smith) Airport at ang lokasyon ng iba pang mga airport sa Sydney Basin.
- **Pinapatakbo nang 24 na oras ang Airport:** Laging nakaplanong patakbuhan ang Airport nang 24 na oras, at ito ay napakahalaga sa pagpapanatili ng pagpapalakad nito.




Larawan 5 Kasalukuyang mga flight path paalis ng Sydney (Kingsford Smith) Airport at ang lokasyon ng iba pang mga airport sa Sydney Basin. Ipinapakita ng larawang ito ang lahat ng paparating na eroplano (gold) at papaalis (blue) sa Sydney (Kingsford Smith) Airport sa loob ng isang araw noong 2017.

Paano ko malalaman kung natutugunan ng mga flight path ang internasyonal na pinakamahusay na gawi?

Kabilang sa ESG ang CASA, na tagapamahala ng kaligtasan, at ang Airservices Australia, ang tagapagbigay ng serbisyo sa nabigasyong panghimpapawid sa Australya. Kinikilala sa mundo ang mga ito bilang mga dalubhasa sa kaligtasan at pagdisenyo ng eroplano. Dagdag pa, ang proseso sa pagdisenyo ng airspace ay sumusunod sa mga pamantayan ng disenyo ng International Civil Aviation Organization.

Ang isang peer review (pagrebyung ginawa ng mga taong nasa kaparehong larangan) ng proseso ng pagdisenyo ng flight path ay isinagawa ng NATS, isang independiyenteng organisasyon sa UK na may pandaigdig na kadalubhasaan sa pamamahala ng air traffic.



Larawan 6 Pabalat ng International Civil Aviation Organization RNP AR Procedure Design Manual

Paano ako makakalahok?

Ang Pamahalaang Australya ay nangangakong makikipagkonsulta sa komunidad tungkol sa mga WSI flight path.

Ang natanggap na mga komento sa panahon ng eksibisyong pampubliko ng draft EIS para sa kabuuang WSI Stage 1 Development noong 2015 ay patuloy na pinagbabatayan ng pagbuo sa disenyo at pangkapaligirang pagtasa ng mga pangunang flight path.

Hihiling ang Pamahalaan ng karagdagang pormal na komento mula sa komunidad sa panahon ng eksibisyong pampubliko ng draft EIS sa kalagitnaan ng 2023. Sa panahong ito, magkakaroon ka ng madaling pag-access at makabuluhang pagkakataon upang maunawaan ang mga pangunang flight path at ang mga epekto nito, at iba't ibang paraan upang makapagbigay ka ng komento.

Sino ang maaari kong kontakin para sa karagdagang impormasyon?

Maaari mo kaming kontakin tungkol sa proyekto sa WSIflightpaths@infrastructure.gov.au o sa **1800 038 160**, o bisitahin ang www.westernsydneyairport.gov.au.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa disenyo at konstruksyon ng Airport, mangyaring makipag-ugnay sa WSA sa:

- www.westernsydney.com.au
- 1800 972 972
- Bisitahin ang Western Sydney International Airport Experience Centre (100 Eaton Rd, Luddenham).



Larawan 7 at 8 Mga litrato ng nakaraang pakikipag-ugnayan sa komunidad para sa WSI

Impormasyon na nasa inyong wika



Translating and Interpreting Service
(TIS National)

If you require the services of an interpreter, please contact the Translating and Interpreting Service on **131 450** and ask them to call the WSI Flight Paths team on **1800 038 160**.

Nếu quý vị cần thông dịch viên, vui lòng gọi cho Dịch vụ Thông Phiên dịch (Translating and Interpreting Service) qua số **131 450** và yêu cầu họ gọi cho đội ngũ phụ trách Đường bay Sân bay Quốc tế Western Sydney (Western Sydney International Airport Flight Paths) qua số **1800 038 160**.

如果您需要口译服务, 请致电 **131 450** 联系笔译与口译服务署 (Translating and Interpreting Service), 并请他们拨打 **1800 038 160** 联系西悉尼国际机场飞行路径团队 (Western Sydney International Airport Flight Paths)

यदि आपको दुभाषिए की सेवाओं की ज़रूरत है, तो कृपया **131 450** पर अनुवाद और दुभाषिया सेवा (Translating and Interpreting Service) से संपर्क करें और उनसे **1800 038 160** पर पश्चिमी सिडनी अंतरराष्ट्रीय हवाई अड्डा उड़ान पथ (Western Sydney International Airport Flight Paths) टीम को कॉल करने का अनुरोध करें।

إذا كنت بحاجة لخدمات الترجمة الشفوية، فيرجى الاتصال بخدمة الترجمة الكتابية والشفوية (Translating and Interpreting Service) على الرقم **١٣١ ٤٥٠** وأطلب منهم الاتصال بالفريق المعني بمسارات الطيران في مطار سيدني الغربية الدولي (Western Sydney International Airport Flight Paths) على الرقم **١٨٠٠ ٠٣٨ ١٦٠**

Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng isang tagasaling pasalita (interpreter), mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyo ng Pagsasaling Pasulat at Pasalita (Translating and Interpreting Service) sa **131 450** at hilingin sa kanila na tawagan ang pangkat ng Mga Landas ng Paglipad sa Paliparang Internasyonal ng Western Sydney (Western Sydney International Airport Flight Paths) sa **1800 038 160**.

Basahin ang polyetong ito sa mga wika maliban sa Ingles

Please scan this QR code to view this brochure in languages other than English.


Vui lòng quét mã QR để xem tài liệu này bằng ngôn ngữ khác tiếng Anh.

请扫描此二维码, 以查看本宣传册的非英语版本

कृपया अंग्रेज़ी के सिवाए अन्य भाषाओं में यह पुस्तिका देखने के लिए इस QR कोड को स्कैन करें

يرجى مسح رمز الاستجابة السريعة هذا للاطلاع على هذا الكتيب بلغات غير الإنجليزية

Mangyaring i-scan ang QR code na ito upang mabasa ang polyetong ito sa mga wikang hindi Ingles.



Kinikilala ng Pamahalaang Australya ang mga Tradisyonal na May-ari ng Lupain sa buong Australya. Nagbibigay-galang kami sa mga Pinuno (Elders) sa nakaraan, sa kasalukuyan at sa hinaharap.

www.westernsydneyairport.gov.au